**Mga Tagubilin para sa Pagkumpleto ng Aplikasyon/Kasunduan ng Magsasaka sa eFM**

Ang lahat ng magsasaka, kasama iyong mga kasalukuyang inawtorisahan, ay lubos na hinihikayat na magkumpleto at magsumite ng pirmadong aplikasyon para maging kwalipikadong tumanggap ng elektronikong WIC Cash-Value benefits (WIC CVB), benepisyo ng WIC Farmers' Market Nutrition Program (WIC FMNP) at Senior Farmers' Market Nutrition Program (Senior FMNP). Hindi magbibigay ng mga papel na tseke/voucher sa mga kalahok ng programa ngayong 2025.

**Pakibalik ang iyong aplikasyon pagsapit ng ika-30 ng Marso, 2025, o sa lalong madaling panahon, para matiyak na maging kwalipikado kang tumanggap ng mga elektronikong benepisyo ngayong 2025 para sa lahat ng tatlong programa**. Bagaman tumatanggap ng mga aplikasyon sa buong taon, hindi ka makakatanggap o makaka-redeem ng mga elektronikong benepisyo nang walang ni-renew na awtorisasyon.

Ang mga tip na ito na magtitiyak ng iyong aplikasyon ay ipoproseso nang napapanahon:

| | |
|---|---|
| **Ika-1 Seksyon:** | Gumawa ng anumang kinakailangang pag-update sa iyong address, numero ng telepono, at email address. Kumpletuhin ang impormasyon para sa iyong kasalukuyang Certified Producer's Certificate (CPC) na inisyu ng Opisina ng Komisyonadong Pang-agrikultura ng county. |
| **Ika-2 Seksyon:** | Papirmahan sa iyong tagapamahala ng pamilihan ang Ika-2 Seksyon **o** gumawa at magsumite ng kopya ng unang pahina ng iyong CPC. |
| **Ika-3 Seksyon:** | Makakatanggap ka ng email mula sa CDPH WIC training unit (wicvendored@cdph.ca.gov) upang mag-iskedyul ng interactive training na dapat mong daluhan. |
| **Ika-4 na Seksyon:** | Ilista ang lahat ng awtorisadong farmers' market ng WIC kung saan ka nagbebenta ng mga produkto. **Pakitandaan: Maaari lang matanggap ang mga WIC CVB, mga benepisyo ng WIC FMNP, at Senior FMNP sa mga awtorisadong farmers' market ng WIC.** |
| **Ika-5 Seksyon:** | Pirmahan at lagyan ng petsa ang aplikasyon. **Pakitandaan: dapat pirmahan ng kahit isa sa mga CPC holder ang aplikasyon**. Isumite ang nakumpleto at pinirmahang pahina 1 at 2 ng aplikasyon kasama ang kopya ng unang pahina ng CPC sa WICFMNP@cdph.ca.gov. |

Sa pag-apruba ng iyong aplikasyon ng California Department of Public Health WIC Division (CDPH/WIC), makakatanggap ka ng Abiso ng Awtorisasyon sa pamamagitan ng email mula sa CDPH/WIC. Ipinapadala ng CDPH/WIC ang mga naka-laminate na sign ng pag-awtorisa ng WIC sa pamamagitan ng USPS. Dapat mong ipaskil ang mga sign na ito sa isang nakikitang lokasyon sa lahat ng palengke sa panahon ng pagbebenta ng mga produkto/ani. Pakikontak ang CDPH/WIC sa email address sa ibaba kung kailangan mo pa ng mga sign.

Salamat sa iyong pag-aplay at paglahok sa mga programang benepisyo ng WIC CVB, WIC FMNP at Senior FMNP at pagsuporta sa mga pamilya at matatanda ng WIC. Pakikontak ang CDPH/WIC sa (855) 942-7867 o sa pamamagitan ng email sa WICFMNP@cdph.ca.gov para sa higit na tulong.